



Visa ng Pansamantalang Kakulangan sa Kakayanan (subclass 482) o visa ng Pansamantalang Trabaho (Bihasa) (subclass 457)

Pagpapasuri at pagpapagamot ng COVID-19

Kahit pa wala kang visa, o hindi sigurado sa katayuan ng visa, kailangan mong sumunod sa mga tagubilin ng pampublikong kalusugan. Kung masama ang iyong pakiramdam, humingi ng medikal na atensyon at magpasuri para sa COVID-19.

Nag-aalok ang gobyerno ng mga estado at teritoryo ng libreng pagpapasuri at pagpapagamot ng COVID-19.

- [Kabiserang Teritoryo ng Australia](#)
- [New South Wales](#)
- [Hilagang Teritoryo](#)
- [Queensland](#)
- [Timog Australia](#)
- [Tasmania](#)
- [Victoria](#)
- [Kanluraning Australia](#)

Mayroon akong visa ng Pansamantalang Kakulangan sa Kakayanan (subclass 482) o visa ng Pansamantalang Trabaho (Bihasa) (subclass 457)

Mananatiling may bisa ang visa ng mga may-ari ng visa ng Pansamantalang Kakulangan sa Kakayanan at subclass 457 na pinagpahinga ngunit hindi natanggal sa trabaho dahil sa COVID-19. Magkakaroon ng oportunidad ang mga negosyo na bigyan ng palugit ang iyong visa gaya ng karaniwang kasunduan.

Maaaring bawasan ng mga negosyo ang iyong oras ng trabaho nang hindi ka lumalabag sa mga kondisyon ng iyong visa o nang hindi lumalabag ang negosyo sa mga obligasyon ang kanilang amo.

Mga opsyon kung nawalan ka ng trabaho

Kung natanggal ka sa trabaho at kasalukuyang walang trabaho, kailangan mong makahanap ng isa pang amo sa loob ng 60 araw o gumawa ng mga planong makaalis sa Australia, kung saan posible.

Kung hindi ka makauwi sa iyong bansang pinanggalingan, kailangan mong magkaroon ng may bisang visa at sumunod sa payong pangkalusugan ng Australia kung saan kinakailangan.

Maaari ding maging karapat-dapat sa [Visa ng Pansamantalang Aktibidad \(subclass 408\) stream ng Kaganapan sa Itinataguyod na Kasunduan ng Gobyerno ng Australia \(visa kaugnay ng Pandemya sa COVID-19\)](#) ang mga may-ari ng pansamantalang visa sa trabaho na kasalukuyang nagtatrabaho sa mahahalagang sektor para sa COVID-19, tulad ng pangangalagang pangkalusugan, pangangalaga sa matatanda at may kapansanan, pangangalaga sa bata, o agrikultura at pagpoproseso ng pagkain.

Mga may-ari ng visa na nakararanas ng mga pinansyal na paghihirap

Kung pinagpahinga ka, ngunit hindi natanggal sa trabaho, at hindi matugunan ang iyong kagyar na mga gastusin sa pamumuhay, maaari kang maka-akses sa hanggang \$10,000 ng iyong Australian superannuation nang walang buwis sa taong pinansyal 2019-20.

Sumangguni sa [webpage ng Opisina ng Pagbubuwis sa Australia sa maagang pag-akses sa superannuation](#)

Visa kaugnay ng Pandemya sa COVID-19

Kung mag-e-expire na ang iyong pansamantalang visa sa pagtatrabaho, hindi ka nagtatrabaho sa isang mahalagang sektor, hindi ka nakauwi dahil sa mga paghihigpit sa pagpasok at hindi mo matutugunan ang mga kinakailangan para sa isa pang visa, maaari kang maging karapat-dapat para sa visa kaugnay ng Pandemya sa COVID-19.

Kakailanganin mong ipakita kung bakit hindi mo matutugunan ang mga kinakailangan para sa isa pang visa. Puwedeng kabilang dito ang isang pahayag o katunayan na wala kang akses sa sapat na pondo para makapagbayad ng karagdagang singil sa aplikasyon sa visa (visa application charge o VAC).